# Pangangalaga Bago Manganak

## Pananatiling Malusog Habang Ikaw Ay Buntis



### Kumuha kaagad ng pangangalaga bago manganak kapag nalaman mong buntis ka.

**Ano ang pangangalaga bago manganak?**

Ito ang pangangalagang pangkalusugan na nakukuha mo habang ikaw ay buntis.

**Sino ang Mga Provider para sa Pangangalaga Bago Manganak?**

- Doktor—na tinatawag na obstetrician o OB, o Family Practice na doktor na may espesyal na pagsasanay
- Nurse Midwife
- Nurse Practitioner
- Doula—espesyal na helper sa komunidad para suportahan ka sa pagbubuntis at pagkatapos magbuntis

**Bakit kailangan ko ng pangangalaga bago manganak?**

Tutulungan ka nitong magkaroon ng malusog na pagbubuntis at malusog na sanggol. Ang maaga at regular na pangangalaga bago manganak ay mahalaga. Tumutulong itong matukoy nang maaga ang anumang problema. Makakatulong ito sa pag-iwas sa maagang panganganak (preterm) o mga sanggol na may mababang timbang (masyadong maliit).

**Pumunta sa mga sumusunod na appointment sa iyong Provider para sa Pangangalaga Bago Manganak**

| Trimester | Mga Linggo | Mga Appointment |
|---|---|---|
| **1ST** | 1 – 12 linggo | • Magpatingin kaagad sa iyong provider kapag nalaman mong buntis ka at pagkatapos ay kada apat na linggo. |
| **2ND** | 12 – 28 linggo | • Magpatingin sa iyong provider kada apat na linggo. |
| **3RD** | 28 linggo – Panganganak | • Magpatingin sa iyong provider kada dalawa hanggang tatlong linggo sa panahon ng ika-28 hanggang ika-36 na linggo.<br>• Magpatingin sa iyong provider linggo-linggo mula sa ika-36 na linggo hanggang sa manganak |
| **POSTPARTUM** | Pagkatapos Manganak | • Magpatingin sa iyong provider sa pagitan ng 1 – 12 linggo pagkatapos maipanganak ang iyong sanggol. Magpaiskedyul kaagad kapag naipanganak na ang iyong sanggol. |

Ang pagpunta sa mga appointment sa provider habang nagbubuntis ka ay tutulungan kang magkaroon ng malusog na sanggol.
Sisiguruhin ng provider mo na nakukuha mo ang pangangalagang nararapat sa iyo.

### Mayroon ka bang mga tanong?

Tumawag sa aming 24-oras na Nurse Advice Line. Nandito kami para tulungan ka

Ingles: **(888) 275-8750**
Español: **(866) 648-3537**
TTY/TDD: **711**

Ipinamamahagi ng Molina Healthcare. Ang lahat ng materyal sa brosyur na ito ay para sa impormasyon lamang. Ito ay hindi kapalit ng payo ng iyong provider.

Para makuha ang impormasyong ito sa iba pang mga wika at madaling ma-access na mga format, pakitawagan ang mga Serbisyo para sa Miyembro.
Ang numerong ito numerong ito ay nasa likod ng iyong ID card ng Miyembro.

**MolinaHealthcare.com**
33662FLYMDCATL | 250423

MOLINA® HEALTHCARE